



Santa Clara County
**PUBLIC
HEALTH**

MANDATORYA NG DIREKTIBA:



KOLEHIYO AT PROPESYONAL NA ATLETIKO

Epektibo: Nobyembre 30, 2020

sccgov.org/coronavirus

County ng Santa Clara
Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan

Opisyal ng Pangkalusugan
976 Lenzen Avenue, 2nd Floor
San José, CA 95126
408.792.5040



**MAHIGPIT NA IPINAPATUPAD NA DIREKTIBA PARA SA KOLEHIYO
AT PROPESYONAL NA ATLETIKO**

***Mangyaring kumpirmahin na ang inyong aktibidad ay pinapayagan sa ilalim ng
Kautusan ng Estado.**

**Kung may pagkakaiba sa pagitan ng lokal na Kautusan ng County at ng Kautusan ng
Estado, dapat na sundin ang mas mahigpit na kautusan.***

Ang impormasyon tungkol sa Kautusan ng Estado at patnubay ng Estado ay makikita sa
covid19.ca.gov

Inilabas: Oktubre 10, 2020

Binago: Nobyembre 28, 2020

Epektibo: Nobyembre 30, 2020 sa 12:01 a.m.

Noong Agosto 28, 2020, ang Estado ay naglabas ng isang Kautusan ng Opisyal ng Pamublikong Pangkalusugan sa Buong Estado ("Kautusan ng Estado," magagamit [dito](#)) at ang Plano para sa Mas Maligtas na Ekonomiya ("Plano," magagamit [dito](#)). Ang Kautusan at Plano ng Estado ay nagtataguyod ng mga paghihigpit sa buong estado na nalalapat sa bawat "antas" kung saan itinalaga ang mga county.

Ang mga programang kolehiyo at propesyonal na atletiko na pinapayagan na magpatakbo ay dapat sumunod sa mga mahigpit na kinakailangan sa Direktibang ito at anumang iba pang naaangkop na Direktiba ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County, sa Binagong Kautusan ng Pagbabawas ng Panganib ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County na inilabas noong Oktubre 5, 2020, sa mga naaangkop na paghihigpit sa ilalim ng Kautusan at Plano ng Estado, ang mga dokumento ng Patnubay sa Industriya sa COVID-19 ng Estado, at anumang naaangkop na mga kinakailangan sa kalusugan at kaligtasan. Kapag may pagkakaiba sa pagitan ng mga panuntunang ito, dapat sundin ang pinakamahigpit na panuntunan.

Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba para sa mga Kolehiyo at Propesyonal na Atletiko (Inilabas ang Kautusan Oktubre 5, 2020) Pahina 1 ng 9

Lupon ng mga Superbisor: Mike Wasserman, Cindy Chavez, Dave Cortese, Susan Ellenberg, S. Joseph Simitian
Ehekutibo ng County: Jeffrey V. Smith

Epektibo sa Nobyembre 28, 2020, at magpapatuloy hanggang 5:00 a.m. sa Disyembre 21, 2020, ang mga programang kolehiyo at propesyonal na atletiko ay pinapayagan lamang na magpatakbo sa labas, at kung ang mga atleta ay hindi lumalapit ng anim na talampakan sa isa't isa sa anumang oras; para sa kalinawan, ang lahat ng mga aktibidad na atletiko na kinasasangkutan ng pakikipagsalamuha o paging malapit ay ipinagbabawal sa ngayon. Ang anumang programa o koponan sa kolehiyo o propesyonal na atletiko na naglalakbay sa labas ng County upang makisali sa aktibidad na atletiko na ipinagbabawal sa County ay ipinagbabawal na makisali sa karagdagang aktibidad na atletiko sa loob ng Santa Clara County sa panahong ito. Ang anumang programa o koponan sa kolehiyo o propesyonal na atletiko na naglalakbay sa labas ng County upang makisali sa aktibidad na atletiko na pinapayagan sa County ay dapat sumunod sa Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa Pagbiyahe.

Para sa mga karagdagang panuntunan na nalalapat sa mga programang pang-atleta sa kolehiyo, mangyaring tingnan ang sumusunod na Patnubay sa Industriya sa COVID-19 mula sa Estado:

- *Mga Institusyon para sa Mas Mataas na Edukasyon, na kinabibilangan ng Partikular na Pansamantalang Patnubay para sa Atletikong Pangkolehiyo:*
<https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-higher-education--en.pdf>

Itong Direktiba ay mahigpit na ipinapatupad, at ang kabiguan na masunod ito ay paglabag sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan na inilabas noong Oktubre 5, 2020 ("Kautusan"). Ang mga programang atletiko sa kolehiyo at mga propesyonal na organisasyong atletiko ay dapat sumunod sa Kautusan, sa mga kinakailangan ng Direktibang ito, at sa mga kinakailangan ng naaangkop na patnubay na partikular sa industriya ng Estado.

Ang Kautusang Inilabas Oktubre 5, 2020

Ang Kautusan ay nagpapataw ng maraming mga paghihigpit sa lahat ng mga negosyo at aktibidad (kabilang ang mga institusyon ng mas mataas na edukasyon at propesyonal na mga organisasyong pang-atletiko) upang matiyak na ang County ay mananatiling ligtas hangga't maaari, kasama ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- **Ang Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao:** Ang lahat ng mga negosyo at entidad na panggobyerno na hindi pa gumawa nito ay dapat magkumpleto at magsumite ng Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao sa ilalim ng Oktubre 5, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan. Ang mga Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao na isinumite bago sa Oktubre 11, 2020 ay wala ng bisa. Ang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ay dapat na mapunan gamit ang isang na-update na template, na magagamit dito. Ang Protokol ay isinumite sa ilalim ng parusa na bawal na magsinungaling, nangangahulugan na ang lahat ng nakasulat sa form ay dapat totoo at tumpak sa pinakamahusay na kaalaman ng pumirma, at ang pagsusumite ng hindi totoong

impormasyon ay isang krimen. Ang Protokol ay dapat na maipamahagi sa lahat ng mga manggagawa, at dapat itong magagamit ng lahat ng mga opisyal na nagpapatupad ng Kautusan.

- **Palatandaan:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat mag-print ng (1) isang na-update na Palatandaan na COVID-19 PREPARED at (2) ng Papel ng Impormasyon para sa Bisita ng Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao, at dapat na maipaskil ang dalawang ito na madaling makita sa lahat ng mga pasukan ng pasilidad. Ang mga ito ay nakahanda para mai-print pagkatapos maisumite online ang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao. Ang Binagong Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ay tumutukoy ng mga karagdagang kinakailangan sa palatandaan.
- **Mga Panakip sa Mukha:** Ang lahat ay dapat magsuot ng mga panakip sa mukha sa lahat ng oras na tinukoy sa mahigpit na ipinapatupad na [Patnubay para sa Paggamit ng mga Panakip sa Mukha](#) ("Patnubay sa Panakip sa Mukha") ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng California at sa anumang mga partikular na direktiba na inilabas ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County. Bilang karagdagan, kahit na hindi kinakailangan sa ilalim ng patnubay at kautusan ng Estado o ng lokal, ang mga panakip sa mukha ay dapat na isuot hangga't maaari (1) kapag nasa loob at hindi sa loob ng sariling tirahan at (2) tuwing nasa labas at sa loob ng anim na talampakan ng sinumang nasa labas ng isang sambahayan. **Ang Direktibang ito ay nagsasaad ng mga karagdagang kinakailangan sa panakip sa mukha na partikular sa mga programa sa kolehiyo at mga propesyonal na organisasyong atletiko.**
- **Limitasyon sa Kapasidad:** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat sumunod sa mga limitasyon sa kapasidad na itinatag sa Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa Kapasidad. Ang mga limitasyon sa kapasidad para sa mga gym at pasilidad na tinukoy sa Mahigpit na Ipinapatupad na Direktiba sa Kapasidad ay nalalapat sa mga panloob na gym at pasilidad na ginagamit ng mga programang atletiko na pangpropesyonal at sa kolehiyo.

I. **Mga Mahigpit na Kinakailangan para sa Parehong Kolehiyo at Propesyonal na Atletiko**

1. *Awtomatikong Pagbawi ng Pag-apruba Kapag May Paglabag*
 - a. Ang anumang programa sa kolehiyo na atletiko o sa propesyonal na organisasyong atletiko na lumalabag sa Kautusan o sa Direktibang ito ay dapat na kaagad at awtomatikong masuspinde mula sa paggawa ng mga aktibidad na atletiko.

- b. Kung may naganap na paglabag, dapat ipakita ng programa sa kolehiyo o propesyonal na organisasyong atletiko na ganap nitong naitama ang naturang paglabag at nakuha ang nakasulat na pag-apruba ng Opisyal ng Pangkalusugan bago magsimula muli ang mga aktibidad na atletiko.
2. *Walang Manonood*
- a. Ang mga programang kolehiyo at mga propesyonal na organisasyong atletiko ay hindi maaaring payagan ang mga manonood na dumalo sa anumang kasanayan, kumpetisyon, o iba pang kaganapan na atletiko.
3. *Mga Kinakailangan sa Panakip sa Mukha*
- a. Ang mga atleta lamang na aktibong gumagawa ng aktibidad na atletiko ay maaaring magtanggag ng kanilang mga panakip sa mukha.
 - b. Ang lahat ng iba pang mga taong nauugnay sa programa o organisasyon ay dapat magsuot ng mga panakip sa mukha sa lahat ng oras habang nasa anumang isports, pagsasanay, o iba pang pasilidad, sa loob man o sa labas, na nauugnay sa o ginagamit ng kanilang programa o organisasyon na atletiko. Ang mga taong ito ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, lahat ng mga atleta, coach, kawani, trainer, boluntaryo, at opisyal (tulad ng mga referee at umpire). Ang mga atleta ay dapat na magsuot ng panakip sa mukha sa panahon ng mga kasanayan at kumpetisyon tuwing hindi sila aktibong gumagawa ng mga aktibidad na atletiko (halimbawa, habang nasa gilid sa panahon ng isang kumpetisyon).
 - c. Ang mga tagapagbalita, mamamahayag, videographer, miyembro ng pamamahayag at anumang iba pang mga taong pumapasok sa mga pasilidad ng programa o samahan ay kinakailangang magsuot ng mga panakip sa mukha sa lahat ng oras.
 - d. Dapat takpan ng panakip sa mukha ang parehong bibig at ilong, at dapat mahigpit na magkasya sa paligid ng mukha. Ang face shield ay hindi sapat upang matugunan ang kinakailangang ito. Bilang karagdagan, ang mga sumusunod na kategorya ng mga panakip sa mukha ay hindi sumusunod sa Direktibang ito:
 - i. Mga neck gaiter;
 - ii. Mga single-layer na panakip sa mukha na tela;

- iii. Mga panakip sa mukha na may exhalation valve.

Ang mga taong hindi makapagtakip sa mukha dahil sa payong medikal, na tinukoy ng isang kwalipikadong manggagamot at kinumpirma ng kolehiyo o propesyonal na organisasyong atletiko ay hindi kinakailangang magsuot ng mga panakip sa mukha.

II. **Mga Mahigpit na Kinakailangan para sa Atletikong Pangkolehiyo**

Ang lahat ng mga programang atletiko sa kolehiyo ay dapat sumunod sa mga sumusunod na kinakailangan bilang karagdagan sa lahat ng mga kinakailangan ng [*Partikular na Pansamantalang Patnubay para sa Atletikong Pangkolehiyo*](#) ng Estado ("Patnubay ng Estado"):

1. *Mga Itinalaga sa COVID-19*

- a. Bilang kinakailangan ng Patnubay ng Estado, ang bawat kolehiyo ay dapat magtalaga ng isang taong responsable para sa pagtugon sa mga inaalala sa COVID-19 para sa pangkabuuang programang atletiko sa kolehiyo at para sa bawat koponan o isports ("Mga Itinalaga sa COVID-19"). Bago magsimula ang aktibidad, ang bawat kolehiyo ay dapat magbigay sa Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County ng pangalan, e-mail, at numero ng telepono ng lahat ng mga Itinalaga sa COVID-19.

2. *Mga Regular na Protokol ng Pagpapasuri*

- a. Ang lahat ng mga atleta, coach, kawani, trainer, boluntaryo, at iba pang mga taong nakikipaghalubilo sa mga atleta (pinagsama-sama, "Mga Atleta at Tauhan") ay dapat makatanggap ng pagpapasuri na polymerase chain reaction (PCR) na hindi bababa sa tatlong hindi magkakasunod na araw bawat linggo.
- b. Ang karagdagang pagpapasuri ng antigen ay maaari ding isagawa, ngunit dapat na bilang karagdagan sa, at hindi kapalit ng pagsusuring PCR. Ang anumang positibong pagsusuri ng antigen ay dapat na kaagad na kumpirmahin ng isang pagsusuri na PCR.
- c. Dapat panatilihin ng mga Itinalaga sa COVID-19 ang lahat ng mga resulta ng pagpapasuri nang hindi bababa sa 21 na araw.

3. *Mga Kinakailangan sa Pagpapasuri para sa Kumpetisyon*

- a. Ang lahat ng mga Atletang Tauhan para sa anumang kolehiyo na nasa County ay dapat makatanggap ng pagpapasuri na PCR (koleksyon ng ispesimen at mga resulta na naiulat) sa loob ng 48 na oras bago ang anumang kumpetisyon kung sila ay nasa pasilidad kung saan magaganap ang kumpetisyon sa araw ng kumpetisyon. Kung ang pagpapasuri na saklaw sa ilalim ng Seksyong I.1 ay nangyari sa loob ng panahong ito, ang mga Atletang Tauhan ay hindi kinakailangan makatanggap ng karagdagang pagpapasuri.
 - b. Ang sinumang koponan na bumibisita sa County para sa isang kumpetisyon ay dapat magpasuri at magbigay ng mga resulta para sa lahat ng mga Atletang Tauhan na magbibyahe sa County sa loob ng 48 na oras bago ang kumpetisyon. Ang mga dumadalang koponan ay dapat gumamit ng pagsusuri na PCR upang sumunod sa probisyon na ito. Dapat ibigay ang mga resulta sa Itinalaga sa COVID-19 para sa koponan na kalaban nila sa kumpetisyon.
 - c. Ang sinumang tao na mangangasiwa ng isang kumpetisyon sa County ay dapat magpasuri at magbigay ng mga resulta sa loob ng 48 na oras bago ang kumpetisyon. Dapat masuri ang mga opisyal gamit ang pagsusuri na PCR upang sumunod sa probisyon na ito. Ang mga resulta ay dapat ibigay sa Itinalaga sa COVID-19 para sa bawat koponan o, kung ang isang dumadalaw na koponan ay walang isang Itinalaga sa COVID-19, sa isang tao na itinalaga ng dumadalaw na koponan na tatanggap ng mga resultang ito.
 - d. Ang Itinalaga sa COVID-19 sa kolehiyo para sa koponan ay responsable para sa pagkolekta at pagrepaso ng lahat ng mga resulta mula sa dumadalaw na koponan at mga opisyal bago ang kumpetisyon, at paggawa ng lahat ng mga gawain na kinakailangan ng Patnubay ng Estado at ng Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng County para sa pagtugon sa anumang positibong pagsusuri.
 - e. Ang Itinalaga sa COVID-19 sa kolehiyo para sa koponan ay dapat magbigay-alam sa dumadalaw na koponan kung ang sinumang mga Atletang Tauhan ay nakatanggap ng positibong resulta ng pagsusuri mula sa isang ispesimen na nakolekta sa loob ng 72 na oras ng matapos ang kumpetisyon.
4. *Mga Sambahayan ng Atletang*
- a. Ang mga atleta ay dapat na nakatira kasama ang ibang pang mga kasama sa koponan. Bilang alternatibo, ang isang Atletang Tauhan ay maaaring manirahan kasama ang kanyang asawa at mga anak. Ang mga sambahayan kung saan nakatira ang mga Atletang Tauhan kasama ang iba pang mga kasama sa koponan ay dapat na binubuo ng hindi

hihigit sa 12 na mga Atleta. Walang miyembro ng isang sambahayan ang maaaring lumipat mula sa isang sambahayan patungo sa iba.

- b. Ang mga sambahayan ng mga atleta ay hindi maaaring tumanggap ng mga bisita na hindi miyembro ng sambahayan ng Atleta na iyon.
- c. Ang mga Itinalaga sa COVID-19 ay dapat na magpanatili ng isang listahan ng mga miyembro ng sambahayan ng Atleta, ang address kung saan naninirahan ang bawat Atleta, at ang pangalan ng bawat atleta sa bawat sambahayan. Kapag hiniling, ang mga Itinalaga sa COVID-19 ay dapat kaagad na magbigay ng mga listahan sa Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan.
- d. Maliban sa itinakda sa seksyong ito, ang lahat ng mga sambahayan ng Atleta ay dapat nakatira sa tirahan sa kampus o sa tirahan na nauugnay sa kampus. Dapat magtalaga ang kolehiyo ng isang tagapagsubaybay na responsable para masiguro ang pagsunod sa Direktibang ito at sa Patnubay ng Estado. Ang tagapagsubaybay ay hindi maaaring isang Atleta o Tauhan.
- e. Maaaring payagan ng mga kolehiyo ang mga sambahayan ng Atleta na manirahan sa labas ng kampus kung ang parehong mga kondisyon ay natutugunan:
 - i. Ang kolehiyo ay tumukoy ng isang tagapagsubaybay na responsable para masiguro ang pagsunod sa Direktibang ito at ng Patnubay ng Estado sa lahat ng mga pasilidad ng sambahayan ng Atleta na nasa labas ng kampus. Ang tagapagsubaybay ay hindi maaaring isang Atleta o Tauhan.
 - ii. Ang itinalagang tagapagsubaybay ay nagsasagawa ng isang hindi naanunsyo na inspeksyon ng bawat sambahayan ng Atleta na nasa labas ng kampus ng hindi bababa sa dalawang beses bawat linggo upang matiyak ang pagsunod.

5. *Pag-uulat*

- a. Ang lahat ng mga Atleta at Tauhan ay dapat na sanayin na kaagad na mag-ulat ng anumang positibong pagsusuri sa mga Itinalaga sa COVID-19.
- b. Ang mga Itinalaga sa COVID-19 para sa bawat koponan ay dapat mag-ulat ng mga positibong pagsusuri para sa mga Atleta at Tauhan na nauugnay sa koponan sa loob ng 4 na oras mula sa pagtanggap ng abiso ng anumang positibong pagsusuri. Ang lahat ng mga ulat ay dapat na isumite sa Education Case and Contact Reporting Portal ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County, na magagamit sa: <https://www.sccgov.org/sites/covid19/Pages/school-guidance.aspx>.

- c. Ang mga Itinalaga sa COVID-19 para sa bawat koponan ay dapat ding magpadala ng isang abiso sa email ng mga positibong pagsusuri para sa mga Atleta at Tauhan na nauugnay sa koponan sa loob ng 4 na oras mula sa pagtanggap ng abiso ng anumang positibong pagsusuri sa collegepositives@cco.sccgov.org. Dapat nakalagay sa email ang buong pangalan ng atleta, kolehiyo, koponan, at petsa ng pagsusuri.
 - d. Ang mga Itinalaga sa COVID-19 para sa bawat koponan ay dapat magbigay ng isang listahan na may mga pangalan ng lahat ng mga Atleta at Tauhan sa County bago simulan ang aktibidad na atletiko. Dapat isama sa listahan ang buong pangalan, address, email, at numero ng telepono ng bawat indibidwal sa listahan.
6. *Pisikal na Pagdistansya*
- a. Dapat panatilihin ng tauhan ang 6 na talampakang distansya mula sa lahat ng mga Atleta at iba pang Tauhan sa lahat ng oras.
 - b. Dapat panatilihin ng mga atleta ang 6 na talampakan na distansya mula sa lahat ng mga Atleta na nasa labas ng kanilang sariling sambahayan (maliban kung kinakailangan sa mga aktibidad na atletiko).
 - c. Ang mga trainer na itinalagang mga Sertipikadong Athletic Trainer ay maaaring nasa loob ng 6 na talampakan ng mga Atleta kapag kinakailangan upang magbigay ng mga serbisyo sa mga Atleta, ngunit dapat na magsuot ng naaangkop na medikal na personal na kagamitan na pangproteksiyon (PPE) sa lahat ng oras kapag nagbibigay ng naturang mga serbisyo.
7. *Bentilasyon sa mga Panloob na Pasilidad*
- a. Ang mga kolehiyo na may mga programang atletiko sa mga panloob na pasilidad ay mariing hinihikayat na sumunod sa "Patnubay para sa mga Sistema ng Bentilasyon at Pagsasala ng Hangin (COVID-19)" ng Opisyal ng Pangkalusugan.

III. **Mga Mahigpit na Kinakailangan para sa mga Propesyonal na Atletiko**

1. *Mga Protokol*

- a. Ang mga pagsasanay ng propesyonal na isports at mga kaganapan ng propesyonal na isports ay maaari lamang mangyari sa pag-apruba ng Opisyal ng Pangkalusugan ng isang protokol sa pagbabawas ng panganib na partikular sa pasilidad.

- b. Ang mga organisasyon ng propesyonal na isports na nakakuha ng pag-apruba bago sa paglabas ng Direktibang ito ay hindi kinakailangang magsumite muli ng kanilang mga protokol.

Manatiling may Kaalaman

Para sa mga sagot sa mga madalas na katanungan tungkol sa industriya na ito at iba pang mga paksa, mangyaring tingnan ang [pahina ng FAQ](#). **Mangyaring tandaan na ang Direktibang ito ay maaaring ma-update.** Para sa pinakabagong impormasyon sa Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, bisitahin ang website ng Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng County sa www.sccgov.org/coronavirus.